# Tindahan Ni Aling Nena

**Eraserheads**

Isang araw...

Pumunta ako sa tindahan ni Aling Nena
Para bumili ng suka
Pagbayad ko aking nakita
Isang dalagang nakadungaw sa bintana Natulala ako laglag ang puso ko
Nalaglag din ang sukang hawak ko Napasigaw si Aling Nena (shout)
Ako naman ay parang nakuryenteng pusa
Ngunit natanggal ang hiya nang nakita ko na
Nakatawa ang dalaga Panay ang "sorry ho"
Sa pagmamadali nakalimutan pa ang sukli ko
Pagdating sa bahay nagalit si nanay
Pero oks lang ako ay inlababo ng tunay

Tindahan ni Aling Nena
Parang isang kwentong pampelikula
Mura na at sari-sari pa ang itinitinda
Pero ang tanging nais ko ay 'di nabibili ng pera

Pumunta ako sa tindahan kinabukasan
Para makipagkilala
Ngunit sabi ni Aling Nena
Habang maaga'y huwag na raw akong umasa Anak niya'y aalis na papuntang Canad
a
Tatlong araw na lang ay ba-bye na

Tindahan ni Aling Nena
Parang isang kwentong pampelikula
Mura na at sari-sari pa ang itinitinda
Pero ang tanging nais ko ay 'di nabibili ng pera

Hindi mapigil ang damdamin
Ako'y nagmakaawang ipakilala (ho, ho, ho, ho)
Payag daw siya kung araw-araw
Ay meron akong binibili sa tinda niya Ako'y pumayag at pinakilala niya
Sa kanyang kaisa-isang dalaga
Ngunit nang makilala siya'y tumalikod na
At iniwan akong nakatanga

Tindahan ni Aling Nena
Parang isang kwentong pampelikula
Mura na at sari-sari pa ang itinitinda
Pero ang tanging nais ko ay 'di nabibili ng pera

Tindahan ni Aling Nena
Dito nauubos ang aking pera
Araw-araw ay naghihintay
O Aling Nena, please naman maawa ka-ahh

Alam nyo'ng nangyari?

Wala... ahh... wala...ahh...
(oh diyos ko!)
Wala... ahh... wala...ahh...

Tištěno z www.txp.cz    Sponzor: www.srovnavac.cz - šetříme na pojištění!